

Mga paalala at impormasyon mula sa Kawasaki City

NO. 178

## Mensahe mula sa Mayor

Mula sa libreng pahayagang "Shisei Dayori" ng ika-1 ng Pebrero isyu, narito ang mga nilalaman ng Window on City Administration.

Ngayong buwan ay matatapos at maililimbag na sa "Kawasaki Card Game" (Baraha) ang kagandahan ng Kawasaki. Halos humigit sa 3000 mamamayan ng Kawasaki ang nagsumiti ng tula at logo na nagsasaad ng tungkol sa Kawasaki. Ako ay natutuwa at nagagalak sa malugod na pagtanggap ng mga mamamayan ng Kawasaki, na ipinakita nila sa mga likha nilang sulat ukol sa kalikasan, pamumuhay, mamamayan at lahat ng iba't ibang aspeto ng Kawasaki.

Sa nakaraang pagdiriwang ng ika-80 taon ng pagkakatatag ng Kawasaki bilang siyudad, nararapat lamang na i-promote ang mga kaakit-akit na katangian ng Kawasaki. Noong Hulyo ng nakaraang taon, natunghayan natin ang "The Music Town" na ginanap sa Muza Kawasaki Symphony Hall. Inaasahang inyong napapakinggan ang mga bagong himig na tinutugtog sa iba't ibang lugar ng siyudad. Ang inilathalang magasin na "Rurubu Kawasaki" ay hindi lamang binigyan ng pagpapahalaga kundi ipalilimbag pa ito ng maraming kopya. Masasabing magandang pangyayari ang muling pagkakadiskubre ng kagandahan ng Kawasaki.

Sa larangan ng paligsahan o sports, ang Kawasaki katulad ng iba pang lugar sa bansa ay nadala sa agos ng pakikiisa sa gilas sa nakaraang 2004 Greek Olympics. Ayun sa balita, umangat sa lebel ng Kawasaki Frontale sa J1 mula sa J2. Gayundin, si Bb.Narita Mayumi ay nagkamit ng walong medalya sa Paralympics kung kaya't ang lahat ng mamamayan ng Kawasaki ay nalugod at lalo pang sumigla. Higit pang pinalakas ang aspeto ng sports noong nakaraang taon dahil na rin sa kampanya ng "Hometown Sports Partnership". Nabibigyan pa ng promosyon ang Kawasaki dahil na rin sa mga sports team ng Kawasaki na naglalaro sa iba't ibang lugar ng bansa. Noong nakaraang taon din, inilunsad ang internasyonal na komyunidad at binuksan ang "Asia Venture Village Project" na magsisilbing kontribusyon sa bagong industriya sa mundo. Ang Kawasaki at Shanghai Transport University ay pumirma ng memorandum sa layunin na mabuo at mapag-isa ang mga ideya tungkol sa teknolohiya ng kalikasan (environmental technology). Ang pakikipag-anib sa mga kumpanya ng Vietnam at Korea at sa basehan ng konsepto ng "THINK", inaasahang makakamit ng "Asia Venture Village Project" ang mga pangangailangan ng mga negosyo ng China.

Ang Kawasaki ngayon ay isang bagong sibol na mas higit na bubukad pa tungo sa pag-unlad. Sa pagpapatuloy ng plano tungkol sa pinansyal, reporma sa administrasyon at pagpapakilala ng bagong pagkalahatang plano at mga indikasyon ng kalagayan ng sariling gobyerno, ang siyudad ng Kawasaki ay kailangang magpatuloy sa pag-akyat sa mga susunod na hakbang sa pamamahala ng gobyerno ng munispyo. Kung kaya't sa ating layunin na mapaglingkuran ang mga mamamayan ng Kawasaki at maiparamdam sa kanila na mabuting manirahan sa Kawasaki, kailangang panatilihin natin ang pagpapalaki ng mga binhi ng pag-unlad."

No.179



### "In Unity 2005"




Una sa lahat, sa ika-6 ng Marso, araw ng Linggo ay gaganapin ang piyesta ng mga live band at grupo ng mananayaw na tinawag na "Nakahara-ward Music Live Concert: In Unity 2005". Ngayong taong ito, mula sa 59 grupo, 18 group performers ang napiling magtatanghal sa "In Unity 2005" at 18 katao naman ang napiling organizers ng ibento. Sa taong ito, isang natatanging pagtatanghal ang matutunghayan mula sa 120 miyembro ng grupo ng choral na aawit ng Gospel songs.

Ang "In Unity 2005" sa ika-6 ng Marso ay gaganapin sa Epoch Nakahara malapit sa istasyon ng Musashi-Nakahara ng Nambu Line. Magsisimula ang pagtatanghal sa ala-1 ng hapon hanggang alas-6:30 ng gabi.

Maaaring mapakinggan ang mga tugtugin ng mga nagsisipag-simulang banda ng "In Unity 2005" sa Kawasaki FM tuwing Biyernes ng 15 minuto mula alas-2 ng hapon. Ang huling pagsasahimpapawid kasabay ng pagpapakilala ng "In Unity 2005" ay sa ika-11 ng Marso sa loob ng 60 minuto.

## Tama Ward Forest Fest

Ang susunod ay ang piyesta ng "Tama-ward Forest Festival" na gaganapin sa ika-12 ng Marso, (Sabado). Maraming masisiglang pagtatanghal katulad ng Taiko drum, brass band, palabas ng TV Super Hero, mini-zoo, puppet show, ibento sa paggawa ng folk handicraft, Nature games (katulad ng pakikinig ng nilolob ng mga puno) at marami pang ibang ibento. Ang piyesta ng "Tama-ward Forest Festival" ay gaganapin sa Ikuta Ryokuchi Park sa lugar ng Masagata Hill. Magsisimula ang kasiyahan sa alas-10 ng umaga hanggang alas-3 ng hapon. Kapag umulan sa ika-12 ng Marso, gaganapin ang piyesta sa susunod na araw, ika-13 ng Marso. Iwasang magdala ng sariling sasakyan sa araw ng piyesta. Para sa iba pang impormasyon, makipag-ugnayan sa The Regional Promotional Events Department sa opisina ng Tama ward. Maaaring tumawag sa telepono bilang 044-935-3148 o mag-fax sa 044-935-3391.



## Pekeng notice ng pagkakautang

No.180

Ipinagbibigay alam sa lahat ang mga bagay-bagay na nauukol sa konsultasyon at tagubilin ng mga konsyumer. Kamakailan lamang, dumarami ang mga taong humihingi ng payo sa consumer support center tungkol sa hindi makatarungang demanda ng pagbabayad ng utang. Maging maingat sa mga natatanggap na poskard o e-mail na nagsasabi na kayo ay nanghiram ng pera. Dagdag dito, may mga kaso na kung saan isinasangkot ang korte at legal system sa pagdemanda ng bayad sa mga walang katotohanang pagkakautang. Ang lahat ng ito ay pag-ingatan at suriing mabuti. Ang paraan sa korte na kung tawagin ay "Money Payment Reminders" (Shiharai Saisaku) at "Small Money Lawsuits" (Shogaku Soshu) ay inaabuso ng mga mapagsamantala. Kaya't kung makatanggap ng ganitong dokumento, mag-apila sa korte sa loob ng dalawang linggo mula sa araw pagkatanggap ng dokumentong nasabi. Ito ay kailangang gawin kahit walang katotohanan ang tungkol sa pagkakautang. Sakaling hindi mairehistro ang inyong protesta, ito ay nangangahulugan ng pagmumulta. Mangyaring suriing mabuti ang matatanggap na mga dokumento mula sa korte. Ang makatotohanang dokumento ay nakasulat ang pangalan ng korte at may tatak ang selyong "Special Delivery" (Tokubetsu Sotatsu) Gayundin, ang tunay na dokumento galing sa korte ay nakasulat ang pangalan at seryal na numero ng kaso. Tandaan na ang tunay na dokumento na may nakatatak na Special Delivery ay mayroong pirma ng taong humahawak ng kaso at tauhan ng post office. Kung ganitong dokumento ang matatanggap, ito ay tunay.

Sakaling makatanggap ng kahinahinalang dokumento na nagde-demanda ng pagbabayad ng utang, mahinahong lumapit at humingi ng payo sa kinauukulan. Ang dalawang lugar sa Kawasaki na kung saan maaaring maglahad ng ganitong problema ay sa Kawasaki ward at Takatsu ward. Makipag-ugnayan sa Kawasaki City Consumers Administration Center sa Kawasaki ward sa telepono bilang 044-200-3030. Maaari ding magpakonsulta sa Kawasaki City Northern Branch Consumer Center na nasa Takatsu ward na may telepono bilang 044-812-3336. Ang oras ng konsulta ay mula alas-9 ng umaga hanggang alas-12 ng tanghali at ala-1 ng hapon hanggang alas-4 ng hapon



Issued by The Kawasaki International Association

2-2 Kizuki Gion Cho, Nakahara-Ku, Kawasaki 211-0033 Kawasaki International Center  
Tel 044-435-7000 Fax 044-435-7010 E-mail: [kian@bremen.or.jp](mailto:kian@bremen.or.jp) HP URL: <http://www.bremen.or.jp/kian/>